# Budget 2017: Pagtatag ng Malakas na Middle Class

Marso 22, 2017 Ottawa, Ontario Department of Finance Canada [Kagawaran ng Pananalapi, Canada]

Ang Budget 2017 ay ang susunod na hakbang sa pangmatagalang plano ng Pamahalaan upang lumikha ng mga trabaho at palakasin ang middle class. Maraming manggagawang may mahusay na edukasyon at skills ang naninirahan sa Canada, pero habang nagbabago ang mga pangangailangan sa lugar ng trabaho, dapat din magbago ang edukasyon at skills na dinadala ng workers sa kanilang mga trabaho. Ang mga pagbabago sa ekonomiya—dito sa ating bansa at sa ibang bahagi ng mundo—ay nagbibigay ng napakahusay na mga pagkakataon para sa middle class at sa mga taong masigasig na nagtratrabaho upang sumali dito.

Malakas ang pagbibigay-diin ng Budget 2017 sa innovation, skills, partnerships, at pagiging makatarungan, at gagawin nito ang mga susunod na hakbang upang maging mas maunlad ang kinabukasan para sa lahat ng Canadians. Tinutulungan nito ang mga masipag, talented, at creative na mga tao na magdibelop ng skills na kanilang kinakailangan, nang sila'y maging makina para sa ating mga pinakamatagumpay na industriya at high-growth na mga kompanya; ang Budget 2017 ay namumuhunan sa kapakanan ng Canadians sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa mental health o pangkaisipang kalusugan, home care, at Indigenous health care.

Sa araw na ito'y inanunsyo ni Finance Minister Bill Morneau ang pangalawang budget ng Pamahalaan—*Pagtatag ng Malakas na Middle Class*—na patuloy na namumuhunan sa middle class Canadians sa bawat panahon ng kanilang mga buhay, na nagbabago sa ating mga kapitbahayan at mga komunidad, at nagbibigay sa bawat Canadian ng tunay at makatarungang pagkakataong magtagumpay.

Sa Budget 2017,

- **Ang mga manggagawa sa Canada ay mabibigyan ng skills at tools na kanilang kinakailangan upang magtagumpay sa isang nagbabagong ekonomiya.** Binibigyang-diin ng Budget 2017 ang skilled, talented, at creative na mga tao sa pinakapuso ng isang mas innovative na ekonomiya. Gumagawa ito ng mga mahuhusay na investment upang tulungan ang adult workers na mag-train muli o mag-upgrade ng kanilang skills upang umakma sa

mga pagbabago sa bagong ekonomiya, at upang tulungan ang mga kabataan na makuha ang skills at work experience na kinakailangan nila upang simulan ang kanilang mga karera.

- **Kumukuha ng mahalagang hakbang patungo sa gender equality, sa pamamagitan ng pinaka-unang Gender Statement ng Canada**, na siyang nagsisilbi bilang batayan para sa mga kasalukuyang bukás at transparent na pagtatalakay tungkol sa tungkulin ng gender sa pagdibelop ng polisiya.

- **Gagawing mas malakas ang universal health care system sa Canada na pinopondohan ng publiko** upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga pamilya sa Canada. Kinokompirma ng Budget 2017 ang mga makasaysayang kasunduan ng Pamahalaan sa pagpopondo ng kalusugan sa 12 provinces at territories sa pamamagitan ng pag-invest sa mas mahusay na home care at mga inisyatibo sa mental health na makakatulong sa mga pamilyang pinaka-nangangailangan nito.
- **Itataguyod nito ang mga pagsisikap ng Canada na magtatag ng clean growth economy**, sa pamamagitan ng pag-invest sa green infrastructure na nagbabawas sa greenhouse gas emissions, nagbibigay ng malinis na hangin at ligtas na maiinom na tubig, at nagtataguyod sa renewable power. Ang Budget 2017 ay gumagawa rin ng mga mahahalagang hakbang sa pagsuporta sa Pan-Canadian Framework on Clean Growth and Climate Change.
- **Ipinupuwesto nito ang Canada sa harap ng isang nagbabagong ekonomiya,** sa pamamagitan ng patulong sa Canadians na makuha ang mga trabaho sa kinabukasan. Tinutulungan ng Budget 2017 ang mga kompanya na makakonekta sa buong mundo; ito’y may innovative at collaborative na paraan sa paglutas ng mga modernong paghamon, at tumutulong ito sa mga negosyo na makuha ang kanilang kinakailangan upang sila’y lumago.
- **Magtatatag ng mas malakas na mga komunidad** sa pamamagitan ng pagpapahusay sa access sa early learning, child care, at abot-kayang housing o pabahay. Konkretong kumikilos ang Budget 2017 upang pahusayin ang kalidad ng buhay ng lahat ng Canadians, sa tulong ng karagdagang cultural at recreational centres, at ligtas at accessible na mga pampublikong lugar.
- **Isusulong nito ang reconciliation sa Indigenous Peoples** sa pamamagitan ng investments sa infrastructure at kalusugan ng First Nations at Inuit, mga kilos upang palakasin ang Indigenous communities, pagpopondo upang suportahan ang edukasyon at training, at mga paraan upang itaguyod ang muling-pagpapasigla ng wika at kultura.
- **Gawing mas makatarungan ang tax system para sa middle class.** Isasara ng Budget 2017 ang tax loopholes, hahanapin nito ang mga hindi nagbabayad ng tax, pahuhusayin nito ang mga kasalukuyang panukalang-batas sa tax para sa mga indibidwal at mga pamilya, at tatanggalin nito ang mga patakaran na hindi mahusay o hindi na mabisa. Gamit ang Budget 2017, sisimulan din ng Pamahalaan ang pagtanggal ng mga panukalang-batas sa tax na más pabór sa mga mayayaman.

Kapag kumilos tayo ngayon, at namuhunan tayo sa mga bagay na kinakailangan ng Canadians upang magtagumpay ngayon at sa mga darating na taon, makakatulong ang Budget 2017 sa paglago ng ekonomiya na mainam para sa bawat Canadian.

## Ano ang sinabi

"Ang Budget 2017 ay nauukol sa mga trabaho. Ito'y nagbibigay-diin sa paglikha ng mga mahuhusay na trabaho para sa middle class, habang inihahanda naman ang Canadians para sa mga trabaho sa kinabukasan. Ang susunod na hakbang sa ating plano para sa ekonomiya ng Canada ay ang gumawa ng mahusay at may pananagutang investments na ating kinakailangan upang maging innovative at kompetitibo, habang pinahuhusay ang kalusugan ng ating mga komunidad at habang sinisigurado ang mas mabuting kinabukasan para sa ating mga anak at mga apo."

*Bill Morneau, Minister ng Pananalapi*

## Mga Kaugnay na Babasahín

- Budget Plan
- Budget Speech
- Mga Fact Sheet
- *Ang Fiscal Monitor* para sa Enero 2017




## Maaaring kontakin ng media:

Annie Donolo
Press Secretary
Office of the Minister of Finance
annie.donolo@canada.ca
613-769-7187

Media Relations
Department of Finance Canada
fin.media-media.fin@canada.ca
613-369-4000

## Para sa mga Pangkalahatang Katanungan

Telepono: 613-369-3710
Facsimile: 613-369-4065
TTY: 613-369-3230
E-mail: fin.financepublic-financepublique.fin@canada.ca